AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 3-6

### Aralin 22

| Pambungad |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang basahin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong*"**Ang Paraiso ng mga Hayop** " ***na isinulat ni Joanne De Leon***. *Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| Reading for Grades 3 - 6 - Aralin 22 |
| --- |
| Book Title: Ang Paraiso ng mga Hayop |
| Author: Joanne De Leon |
| Source: Adarna House / Buribooks |

**I. Pagbati**

Magandang araw! 😄☀️ Andito muli si Teacher ______. Sa araw na ito, magbabasa tayo ng isa na namang bagong libro; ito ay ang, 📚Ang Paraiso ng mga Hayop 📚 ni Joanne De Leon.

**II. Pangako Para sa Araling Ito** 🙏🏽

Bago tayo magsimula, ipangako natin sa isa't isa na:

(1) Dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng storya 📣
(2) Dadamdamin at sisikaping intindihin ang kwento at, 🤓
(3) Hindi matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

Alalahanin ang mga ito habang nagbabasa!

**III. Talasalitaan** 💬

Para mas maintindihan nang husto ang kwento, tingnan muna natin ang ilang mga salita sa ibaba na makikita natin sa kwento; baka hindi pamilyar ang mga ito sa atin! Maaari ring magtanong sa mga nakatatanda kung ano ang ibig sabihin ng mga 'to kung kailangan ng karagdagang paliwanag! 🤔

**(1) Paraiso** - isang lugar na maganda, kasiya-siya, at kaaya-aya
**(2) Samu't sari** - iba't ibang bagay na pinagsama
**(3) Pinahihintulutan** - pinapayagan
**(4)Binabaluktot ang Kwento** - iniiba o binabago ang istorya
**(5) Mapagmalabis** - mapagsamantala o namimihasa

Atin nang simulan ang kwento!
--

**IV.📚 ANG PARAISO NG MGA HAYOP NI JOANNE DE LEON**
*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

•Ang mga hayop ay dating naninirahan nang masaya at mapayapa sa tinatawag nilang, Paraiso. 🌄

•Sagana sa mga prutas 🍊 at bulaklak 💐 na samu't sari ang mga kulay. At lahat, mahina at malakas, malaki at maliit, ibinabahagi ang kanilang pagkain sa bawat isa.

•Maging ang mga ibon 🦜 at insekto 🐛 ay magkaibigan. Kahit magkaiba ay iginagalang pa din nila ang isa't isa. Nagkakaintindihan sila kahit iba't iba ang kanilang pamamaraan ng pag salita at pag iisip. Tinanggap nila ang isa't isa 🥰. Pinahihintulutan nila ang mga gusto at hindi gusto ng bawat isa. Kahit kakaiba, basta't walang masasaktan.

•Hanggang sa isang araw, mayroong dumating na isang madaldal na loro 🦜 💬. Nasisiyahan ang loro 🦜 sa pagkalat ng mga kwentong hindi totoo 🤥💬. Ang mga istorya ay kanyang dinaragdagan o kaya'y binabaluktot. Ngunit, ang lahat sa Paraiso ay naniwala sa mga kwento ng loro 🦜 💬 dahil masaya siyang kausap at nakakatawa ang mga kwento niya. 😂

•Isang araw, ang aso 🐕 at pusa 🐈 ay nag-away. Nagtaka ang lahat kung bakit sapagkat sila ay matalik na magkaibigan. May ilang nagsasabi na ang aso 🐕 daw ay tinawag na "tamad" ang pusa. Habang ang pusa 🐈 naman ay tinawag daw niya ang asong "pangit." Ngunit, mariing na itinanggi 🙅‍♂ ito ng aso at pusa.

•Nalaman ng lahat na ang loro 🦜 💬 ay abala sa pag-ikot sa mga kwento. Ang pusa 🐈 ay nagbiro lamang na ang aso ay kailangan ng "bagong ilong." Habang ang aso 🐕 naman ay nangaasar lamang sa pusa, na kahit umaga ay nakahiga pa din. Ngunit, pinamukha ng loro 🦜 💬 na nakakainsulto ang mga birong ito. 😡

•Sa kinalaunan, ang manok 🐓 at ang agila 🦅 ay nagsimulang mag away dahil sa loro 🦜. Ang manok 🐓 ay napakaingay tuwing umaga ☀ kaya't mahirap matulog, ang sambit ng agila 🦅. Ang boses ng agila 🦅 ay napakaliit para sa kanyang katawan, ang sambit naman ng manok. 🐓

•Ang kalabaw 🐃 at ang kabayo 🐎 ay nag away kung sino ang mas mapagmalabis.

Muli, ang loro 🦜💬 ang nagsimula ng awayan dahil sa kanyang mga kwento. Sinambit ng kabayo 🐎 na madalas uminom ng tubig 🥛 ang kalabaw tuwing mainit ☀️ ang panahon. Subalit, hindi niya naman sinabing mapagmalabis ang kalabaw. Habang ang kalabaw 🐃 naman, sinambit na mas madaming nakakaing damo 🌱 ang kabayo kaysa sa kanya. Ang loro 🦜💬 ang nagdagdag na ang kabayo ay mapagmalabis.

•Nagsimulang magsikreto 🤫 ang mga ibon 🐦, mga insekto 🐛at lahat ng mga hayop sa isa't isa. Ngunit patuloy ang pagdagdag ng loro 🦜💬 sa mga kwento upang guluhin ang katotohanan 😧. Ang mga mamamayan ng Paraiso 🌄 ay nag imbento ng mga bagong dialekto na hindi maunawaan ng Loro. 🦜🤷‍♀️🤷‍♂️
--

Ang galing!
Abangan bukas ang mga susunod na mangyayari.

**V. Gawain** ✏️
Para sa ating gawain, balikan natin ang kwento.

🔎 Saan dating naninirahan ang mga hayop nang masaya at mapayapa?

🔎 Sino ang bagong dating sa Paraiso na ikinakasaya ng mga hayop ang kwentong hindi totoo?

🔎 Ano ang dahilan kung bakit nag-away ang aso at ang pusa? 🐕🐈

🔎 Bakit nag away ang manok at ang agila? 🐓🦅

🔎 Ano ang pinag-awayan ng kalabaw at ng kabayo? 🐃🐎

**VI. Pagnilayan** 🙏🏽
Bago matapos ang ating aralin, ating pag-isipan 🤔🤔ang tanong na ito:

Kung ikaw ang loro, dadagdagan at babaluktutin mo ba ang mga istoryang nalalaman mo upang matuwa ang mga taong nakapaligid sa iyo? Bakit?

Ano man ang sagot, lagi mong tandaan na ang mga matatalas at mapanakit na salitang ating binibitawan ay maaaring makasakit sa ibang tao. Dagdag pa rito, ang mga istorya na ating binabago o dinadagdagan ay may negatibong epekto at maaaring makasira ng pagkakaibigan ng mga tao at maging ng tiwala nila sa isa't-isa.

Mga Sagot sa Gawain at Pagtatapos

**VII. Sagot sa Gawain** ✏️
🔎Ang mga hayop ay dating naninirahan ng masaya at mapayapa sa tinatawag nilang, Paraiso. 🌄 Ikaw, saan ka naninirahan ngayon? 🤔

🔎Ang madaldal na loro 🦜 💬 ang bagong dating sa Paraiso. Naranasan mo na bang magsinungaling? Bakit? 🤔

🔎Dahil may ilang nagsasabi na ang aso 🐕 daw ay tinawag na “tamad” ang pusa. Habang ang pusa 🐈 naman ay tinawag daw niya ang asong “pangit.” Naniniwala ka ba sa mga kasabihang ito? Bakit? 🤔

🔎Dahil pinagkalat ng loro 🦜💬 na sinabi ng agila 🦅 na ang manok 🐓 ay napakaingay tuwing umaga ☀️ kaya’t mahirap matulog. Ikinuwento rin nito na sinabi ng manok 🐓 na ang boses ng agila 🦅 ay napakaliit para sa kanyang katawan. Kung ikaw at ang iyong kaklase ang manok at agila, ano ang gagawin niyo upang ipagtanggol ang inyong mga sarili? Mag-aaway din ba kayo o mag-uusap at magpapaliwanagan? Bakit? 🤔

🔎Ang kalabaw 🐃 at ang kabayo 🐎 ay nag away kung sino ang mas mapagmalabis. May mas mapagmalabis nga ba sa dalawa? Bakit? 🤔

**VIII. Pagtatapos**✔️
Mahusay! 🤩

Natapos natin ang istorya! 👏

May parte ba ng aralin na nahirapan ka? O may gusto ka bang ibahaging mga kasagutan sa grupo natin? Magmensahe lang po sa grupo, o maaari rin imensahe kay Teacher. ❤️
-

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.